

13.16.030: PAG-TEST NG METRO:

Kapag may pagdududa sa katumpakan ng metro ng tubig, ang lungsod ay magpapasimula ng isang opisyal na pag-test ng metro, sa kahilingan ng customer, na may singil ayon sa itinakda ng resolusyon. Ang metro ay ite-test sa magkakaibang rate ng delivery at kung ang average na nirerehistro ay higit sa dalawang porsyento (2%) ang sobra sa aktuwal na dami ng tubig na dumadaloy sa metro, ire-refund ng dibisyon ang labis na siningil sa customer batay sa pagsusuri, para sa lumipas na (12) buwan, maliban kung maipapakita na ang error ay dahil sa isang sanhi kung saan masasabi kung kailan talaga nagsimula ang maling pagsingil. Kung ganito man ang nangyari, ang labis na singil ay kakalkulahin hanggang sa petsang iyon at hindi na lalampas pa roon. Kung sakaling matukoy na may error sa katumpakan ng metro, lahat ng mga singil sa pag-test at pagpalit ng metro ay sagot ng lungsod. (Ord. 2655 § 5, 2007: prior code § 59115)